# At ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya: Sinuman ang Magluwalhati kay Allah sa bawat pagtatapos ng pagdarasal nang tatlumpot-tatlo,at Magpuri kay Allah nang tatlumpot-tatlo,at Magdakila kay Allah nang tatlumpot-tatlo,at ito ay siyamnaput-siyam,at nagsabi sa pagganap na Isang-daan ng :Walang Diyos kundi si Allah,Nag-iisa Siya;Walang katambal sa Kanya,Sa Kanya ang Pamamahala,At sa Kanya ang Papuri,At Siya sa bawat bagay ay Nakakakaya,Patatawarin sa kanya ang mga kasalanan niya,kahit ito ay tulad ng bula sa karagatan)) Saheh Imam Muslim

At ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya: Sinuman ang Magluwalhati kay Allah sa bawat pagtatapos ng pagdarasal nang tatlumpot-tatlo,at Magpuri kay Allah nang tatlumpot-tatlo,at Magdakila kay Allah nang tatlumpot-tatlo,at ito ay siyamnaput-siyam,at nagsabi sa pagganap na Isang-daan ng :Walang Diyos kundi si Allah,Nag-iisa Siya;Walang katambal sa Kanya,Sa Kanya ang Pamamahala,At sa Kanya ang Papuri,At Siya sa bawat bagay ay Nakakakaya,Patatawarin sa kanya ang mga kasalanan niya,kahit ito ay tulad ng bula sa karagatan))
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinapahayag ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hadith na ito,Ang kainaman ng Pagluwalhati at Pagpuri at Pagdakila at Pag-iisa (sa kaisahan ni Allah),sa mga likod ng mga Obligadong Dasal,Ang (Pagtatanto sa Obligado,dahil sa naisaad sa mga ibang salaysay,na pinagtanto rito ang sa likod ng Dasal na Obligado),At ang Pagluwalhati kay Allah: Pagdadalisay sa Kanya sa lahat ng Kakulangan at Kapintasan,Sapagkat si Allah Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan ay Ganap sa lahat ng bagay,Ganap sa Kanyang mga

Pangalan,at sa Kanyang mga Katangian at sa Kanyang mga Gawain.At ang Pagpuri:Ito pagpupuri sa Allah Ganap Niyang Katangian,Ang Pagluwalhati ay ang pagtatanggi sa lahat ng Katangian ng kakulangan,at sa Pagpupuri ay ang Pagtatangi sa Katangian Niyang Ganap.At ang Pagdakila:Pagtangi sa Allah Pagkataas-taas Niya, Na Siya ang Pinaka-Dakila sa lahat ng bagay,At tanging sa Kanya (lamang) ang pag-aangkin ng Kapamahalaan sa kalangitan at Kalupaan at Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan ang Tigib ng Karunungan.At ang kainaman na nabanggit ay ang pagpapatawad sa mga kasalanan,at ang kahulugan nito,Tunay na ang Pag-aalaala ay dahilan sa pagpapatawad sa mga kasalanan,at pagbura sa mga kasamaan,at ang ipinapahiwatig nito: Ay ang pagbura sa mga maliliit na kasalanan,Ngunit ang malalaking kasalanan ay hindi mabubura maliban sa Pagbabalik-loob rito,Nagsabi Siya Pagkataas-taas Niya:(( At kung inyong iiwasan ang mga karumal-dumal na kasalanan na sa inyo ay ipinagbabawal,Ipapatawad Namin sa inyo ang inyong maliliit na kasalanan))[An-Nisā: 31] Kayat sinuman ang magbanggit sa Pag-alaala na ito pagkatapos ng pagdadasal kahit ito ay may kaunting pagkaantala,maging ito man ay naka-upo o naglalakad,at maging ito man ay nakaharap sa Qiblah o nakatalikod rito,at maging ito man ay nasa loob ng Masjid o sa labas nito,Mapapasakanya ang ganap na gantimpala at hindi maghahatol ng hindi makatarungan ang Panginoon mo sa kahit sa sinuman,at kung hindi niya ito gagampanan maliban sa mahabang panahon,tunay na mawawala sa kanya ang kainaman at mapapasakanya lamang ang gantimpala ng Pag-alaala ng pangkalahatan.At kabilang sa napakagandang kainaman mula kay Allah Pagkataas-taas Niya,ay ang pagpapatawad sa mga kasalanan kahit ito ay dumami,at ang kahulugan ng Marami; ay naiintindihan sa sinabi niyang: ( at kahit ito ay tulad ng mga bula sa karagatan).At ang bilang na nabanggit rito, ay ang pag-uulit sa bawat Pagluwalhati at Pagpupuri at Pagdadakila nang tatlumpot-tatlo,at bigkasin ng isang beses: Walang Diyos kundi si Allah,Nag-iisa Siya:Walang katambal sa kanya,Sa Kanya ang Pamamahala at Sa Kanya ang Papuri,at Siya sa bawat bagay ay Nakakakaya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10948

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee